Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

March 24, 1980

MEC M E M O R A N D U M
No. 71, s. 1980

"MGA KATAWAGANG PANGHANAPBUHAY" NOW AVAILABLE

To: Bureau Directors
Regional Directors
Schools Superintendents
Presidents, State Colleges
and Universities

1. The Institute of National Language printed five thousand (5,000) copies of "Mga Katawagang Panghanapbuhay," a glossary of vocational and technological terms in English and Pilipino, which are intended for distribution to the field at twenty pesos (P20) per copy.

2. The purpose of this publication is to help teachers of vocational and technological courses overcome their vocabulary problems and to enhance the Ministry's program of bilingualism.

3. The book contains a vocabulary list of agricultural, vocational industrial, fishery, office and home industries terms totalling 18,083 entries in English and 58,756 in Pilipino.

4. In this connection regional offices and school divisions desiring to buy copies of said publication should contact the Institute of National Language, Ministry of Education and Culture, Arroceros, Manila for their orders.

5. Immediate dissemination of this Memorandum is desired.

(SGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister of Education and Culture

Reference:
None
Allotment: 1-2-3—(D.O. 1-76)
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

BOOKS
PUBLICATIONS

Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

March 24, 1980

MEC MEMORANDUM
Bilang 71, Serye 1980

PAGKAKAROON NG GLOSARYONG "MGA KATAWAGANG PANGHANAPBUHAY"

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at
Unibersidad ng Pamahalaan

1. Ang Surian ng Wikang Pambansa ay nagpalimbag ng limang libong (5,000) sipi ng "Mga Katawagang Panghanapbuhay," isang glosaryo ng mga katawagang bokasyonal at teknolohikal sa Ingles at Pilipino, upang ipamahagi sa mga paaralan sa bansa sa halagang dalawampung piso (P20) bawat kopya.

2. Nilalayon ng aklat na ito na tulungan ang mga gurong nagtuturo ng mga kursong bokasyonal at teknolohikal upang mapawi ang problema sa bokabularyo at upanding pag-ibayuhin ang programa sa bilinggwalismo ng Ministri.

3. Ang aklat ay naglalaman ng talasalitaan ukol sa agrikultura, edukasyong bokasyonal industriyal, pangingisda, tanggapan at industriyang pantahanan na binubuo ng 18,083 katawagan sa Ingles at 58,756 sa Pilipino.

4. Kaugnay nito, ang mga tanggapang panrehiyon at mga paaralang pansangay na nagnanais bumili ng sipi ng nasabing publikasyon ay maaaring makipagtalastasan sa Surian ng Wikang Pambansa, Ministri ng Edukasyon at Kultura, Arroceros, Maynila.

5. Hinahangad ang madaliang pagpapakalat ng Memorandum na ito.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister ng Edukasyon at Kultura

Sanggunian:
Wala
Pamumudmod: 1-2-3—(D.O. 1-76)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga paksang sumusunod:

BOOKS
PUBLICATIONS